

Distribusyon ng Bakuna: Yugto 1A at 1B

NAUPDATE 1/6/2021

Ang bakuna ng COVID-19 ay isang kritikal na instrumento upang ligtas na maabot ang kabilang panig ng pandemyang ito. Sa pamamagitan ng mahusay at mabisang pamamahagi ng bakuna, maaari nating sugpuin ang pagkalat ng virus, sagipin ang maraming buhay hangga't maaari, at muling ibangon ang ating ekonomiya. Ipamamahagi lamang ng Illinois ang isang bakuna na itinuturing na ligtas. Habang dumadaan tayo sa mga yugto ng pamamahagi ng bakuna, titiyakin ng administrasyon na maaabot nito ang mga taga-Illinois nang mabilis hangga't maaari gamit ang isang equity-centric na diskarte tulad ng nagawa natin sa buong panahon ng pandemya ng COVID-19. Habang sumusulong tayo, kritikal na patuloy na sundin ng mga taga-Illinois ang mga rekomendasyon sa pampublikong kalusugan upang sugpuin ang pagkalat ng virus hanggang sa handa na ang mga bakuna para sa laganap na pamamahagi.

MGA REKOMENDASYON NG CDC

Ang Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) ng CDC — isang respetadong pangkat ng mga dalubhasa sa pampublikong kalusugan at mga medikal na propesyonal — ay nagkakaroon ng mga rekomendasyon sa kung paano gamitin ang mga bakuna upang makontrol ang sakit sa Estados Unidos. Ang mga rekomendasyon ng Komite pagkatapos ay inaprubahan ng Centers for Disease Control (CDC).


Dahil sa kahilingan para sa mga bakuna sa COVID-19 na inaasahang lalampas sa suplay sa mga unang buwan ng pambansang programa ng pagbabakuna para sa COVID-19, inirekomenda ng ACIP ang mga sumusunod na prayoridad na grupo – ng mga nasa pinakamataas na peligro ng pagkalantad, pagkakasakit at pagkamatay – ay tatanggapin ang mga unang dosis ng bakuna bago ang pangkalahatang publiko:

- **Yugto 1A:** tauhan ng pangangalaga ng kalusugan at mga residente ng mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga
- **Yugto 1B:** mga taong may edad na ≥ 75 taong gulang at mga pangunahing mahahalagang manggagawa na hindi kasama sa mga nangangalaga ng kalusugan

EQUITY-CENTRIC NA DISKARTE NG BAKUNA NG ILLINOIS

Bilang resulta ng matagal nang pagkakaiba sa pag-access at paghahatid ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan, ang mga Itim at Kayumanggi na Amerikano ay desproporsyonadong naapektuhan ng COVID-19, kabilang ang pagdurusa sa isang desproporsyonadong bilang ng mga pagkamatay. Sa Illinois, ang mga residenteng Itim at Kayumanggi ay mas malamang na mamatay sa mas batang edad mula sa COVID-19. Habang ang pangkaraniwang puting taga-Illinois na nawala ang kanilang buhay dahil sa COVID-19 ay namatay sa edad na 81, ang bilang na iyon ay bumaba sa edad na 72 para sa mga Itim na taga-Illinois at 68 para sa mga Hispanic na taga-Illinois.

PAGKAKATEGORYA NG EDAD AT LAHI NG PAGKAMATAY DAHIL SA COVID-19 KUMPARA SA POPULASYON NG ILLINOIS



Habang patuloy na sinusukat ng Illinois ang programa ng pagbabakuna nito, sinabi ni Gobernador Pritzker, Dr. Ezike, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ang buong administrasyon ay nakatuon sa paglalagay ng equity sa unahan, tulad ng sa buong pagsisikap ng pagtugon sa COVID-19. Batay sa mga rekomendasyon ng ACIP, ang estado ng Illinois ay binababaan ang edad ng pagiging karapat-dapat ng 10 taon upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga proteksyon ng bakuna, na inuuna ang mga residente na edad 65 pataas sa Yugto 1B. Sa paggawa nito, hinahangad ng Illinois na sagipin ang mga buhay sa isang tunay na pantay na pamamaraan, habang kinikilala na ang maraming henerasyon ng rasismo ng institusyon ay binawasan ang pag-access sa pangangalaga, nagdulot ng mas mataas na antas ng peligro sa kapaligiran at lipunan, at nadagdagan ang mga co-morbidities para sa mga taong hindi puti. Habang patuloy na sinusuri ng mga eksperto sa kalusugan ng publiko ang mga rekomendasyon ng pamahalaang pederal para sa Yugto 1C sa konteksto ng data ng Illinois, sina Gobernador Pritzker at Dr. Ezike ay titiyaking ang plano sa paglabas ng estado para sa pandemyang ito ay nakasentro sa mga hindi pagkakapantay-pantay na istruktura na nagdulot ng pagragasa ng COVID-19 sa mga pinakamahihingang komunidad sa simula pa lamang.

YUGTO 1A AT 1B SA ILLINOIS

Yugto 1A

Kasama sa unang yugto ng pagbabakuna ang mga pangunahing manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan pati na rin ang mga residente at kawani ng mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga. Ang layunin ay upang mapalakas ang trabahador ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-alis ng pinaka-nakalantad na mga manggagawa mula sa siklo ng sakit at impeksyon pati na rin protektahan ang ating pinakamahihingang residente. Sa pinakahuling pagsusuri ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng Illinois at mga residente at kawani ng tahanan ng pag-aalaga at pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay tinatayang humigit-kumulang na 850,000 na mga taga-Illinois ang kwalipikado para sa Yugto 1A. Ang mga pagbabakuna sa pangangalagang pangkalusugan ay nagsimula noong Disyembre 15, 2020, kasama ang programa ng pederal na gobyerno na pagbabakuna sa tahanan ng pag-aalaga at programa sa pagbabakuna sa pangmatagalang pangangalaga na naghahatid ng mga unang bakuna nito noong Disyembre 28, 2020. Tinatantya ng estado na ang lahat ng mga interesadong residente sa Yugto 1A ay mababakunahan sa mga susunod na linggo.

Yugto 1B

Kapag ang Illinois ay magkaroon ng malaking progreso sa Yugto 1A at ang pederal na paghahatid ng bakuna ay tumaas, isasama sa Yugto 1B ang mga nangungunang mahahalagang manggagawa at mga residente na edad 65 pataas. Kasama sa pagtatalagang mahahalagang manggagawa sa frontline ang mga maraming residente na nagdadala ng mas mataas na peligro

ng pagkakalantad sa COVID-19 dahil sa kanilang tungkulin sa trabaho, madalas dahil hindi sila makapagtrabaho mula sa bahay, at/o dapat silang magtrabaho nang malapit sa iba nang walang pagkakataon na magkaroon ng distansya sa isa't isa. Kasama rito ang mga unang tagatugon, edukasyon, pagkain at agrikultura, pagmamanupaktura, mga manggagawa sa koreksiyonal at mga preso, mga manggagawa ng USPS, mga manggagawa sa pampublikong sasakyan, mga manggagawa sa grocery store at kawani sa mga kanlungan at mga day care. Upang makapagbigay ng mas makatarungang pag-access sa bakuna sa mga matatandang populasyon na binigyan ng data na nagpapakita na ang mga taong hindi puti ay namatay sa COVID-19 sa mas batang edad, binawasan ng Illinois ang edad ng pagiging karapat-dapat na inirekomenda ng ACIP ng 10 taon, mula edad 75 hanggang edad 65. Ang Illinois ay mayroong 1.3 milyong mga tao na kwalipikado bilang "mga pangunahing manggagawa na nangunguna" at 1.9 milyong mga may sapat na gulang na edad 65 at higit pa, na may kabuuan na 3.2 milyong karapat-dapat na mga taga-Illinois.

PAG-IWAS SA IMPEKSYON HABANG NAGPAPATULOY ANG MGA BAKUNA

Habang nababakunahan ang mga taga-Illinois para sa COVID-19 at nagpapalakas ng immunity, mahalaga na patuloy na magingat ang mga residente upang maiwasan ang mga karagdagang impeksyon. Ang pagsusuot ng pantakip sa ilong at pagpapanatili ng distansya sa kapwa at kalinisan ng kamay ay napatunayan na mga pamamaraan ng pagbawas ng pagkalat ng virus at makakatulong na magligtas ng mga buhay.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pamamahagi ng bakuna sa Illinois, mangyaring bisitahin ang website ng IDPH: dph.illinois.gov.

YUGTO 1A



**FRONTLINE
MGA MANGGAGAWA SA
PANGANGALAGA NG KALUSUGAN**

655,000 SA ILLINOIS



**PASILIDAD NG PANGMATAGALANG
PANGANGALAGA
MGA RESIDENTE AT KAWANI**

110,000 SA ILLINOIS

YUGTO 1B



FRONTLINE MAHAHALAGANG MANGGAGAWA

1.3 MILYON SA ILLINOIS



EDAD NG MGA RESIDENTE 65 PATAAS

1.9 MILYON SA ILLINOIS

Kasama, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na trabaho:

- **Mga Unang tagaresponde:** Bumbero, nagpapatupad ng batas, manggagawa ng 911, tauhan ng seguridad, mga opisyal ng paaralan
- **Edukasyon:** Mga guro, punong-guro, suporta ng mag-aaral, mga pantulong sa mag-aaral, manggagawa sa day care
- **Pagkain at agrikultura:** Pagpoproseso, halaman, beteryaryo, mga serbisyo sa hayop, pangangalaga sa hayop
- **Pagmamanupaktura:** Pang-industriya na produksyon ng kalakal para sa pamamahagi sa tingi, pakyawan o iba pang mga paninda
- **Manggagawa sa koreksyonal at mga preso:** Mga opisyal ng bilangguan, kawani ng pasilidad ng kabataan, mga manggagawa na nagbibigay ng in-person na suporta, mga preso
- **Mga manggagawa ng USPS**
- **Mga manggagawa ng pampublikong transportasyon:** Flight crew, mga drayber ng bus, konduktor ng tren, mga drayber ng taxi, mga drayber ng para-transit, in-person na suporta, mga serbisyo sa pagbabahagi ng biyahe
- **Mga manggagawa sa grocery store:** Mga bagger, mga cashier, mga stocker, pick-up, serbisyo sa kostumer
- **Mga kawani ng mga kanlungan at day care:** Kanlungan ng walang tirahan, kanlungan ng mga kababaihan, programang pang-araw/drop-in ng mga nasa wastong gulang, sheltered workshop, psycho-social rehab